



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-18 ng Setyembre, 2018  
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

### **DALAWANG-KARD NA BALOTA PARA SA ELEKSYON SA IKA-6 NG NOBYEMBRE** *Magplano ng Maaga, Makatipid ng Oras sa mga Botohan*

Bilang resulta ng maraming bilang ng mga kontest sa Ika-6 ng Nobyembre na Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon, ang mga rehistradong botante sa County ng San Diego ay makakakuha ng dalawang-kard na balota. Ang mga kontest ay nakalista sa harap at likod ng bawat pahina. Isinaalang-alang ang haba ng balota, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay pinapakiusapan ang mga botante na magplano ng maaga at upang makatipid ng oras sa mga botohan.

#### **Pagboto sa Koreo**

Isang paraan? Bumoto sa Koreo! Magsign-up para maging permanenteng botante sa balotang pangkoreo sa [sdvote.com](http://sdvote.com). Higit sa 1.1 milyong balotang pangkoreo ang ipapadala sa mga tahanan simula sa Lunes, Ika-8 ng Oktubre. Kapag dumating na, ang mga botante sa balotang pangkoreo ay pinapakiusapan na kumilos agad sa oras na nagawa ang mga desisyon. Narito ang mga benepisyo:

- Ang pagboto sa koreo ay simple lang. Ang inyong balota ay darating nang maginhawa sa inyong mailbox.
- Ang pagboto sa koreo ay smart. Huwag magmadali sa paggawa ng mga desisyon sa pagboto at kumpletuhin ang inyong balota nang kumportable sa inyong bahay.
- Ang pagboto sa koreo ay secure. Isarado nang mabuti ang inyong balota sa ipinagkaloob na sobre, pirmahan at lagyan ng petsa, maglagay ng selyo at ipadala agad para matanggap ito bago dumating ang Ika-6 ng Nobyembre.

Ang dalawang-kard na balota ay mas mabigat ng kaunti, kaya kakailanganin ninyo ng 71 sentimos sa selyo.

#### **Pagboto sa mga Botohan**

Ang mga botanteng interesadong botohan ang kanilang mga balota sa kanilang nakatalagang botohan sa Araw ng Eleksyon ay hinihikayat na markahan ang kanilang mga napili sa kanilang pamplet ng sampol na balota bago pumunta sa botohan. Kung mayroon kayong nakahandang kumpletong pamplet ng sampol na balota pagpasok sa voting booth, madali ninyong mapupunan ang opisyal na balota sa sarili ninyong paraan.



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-18 ng Setyembre, 2018

Ang mga botohan ay magbubukas sa pagitan ng ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Ang lokasyon ay nakatala sa likod ng Pamplet ng Sampol na Balota at Impormasyon para sa Botante na ipinadala sa inyong tahanan o maaari ninyong gamitin ang [locator ng lugar ng botohan](#) sa online makatapos itong maging available sa Ika- 27 ng Setyembre. I-type ang inyong adres at i-klik ang isumite para hanapin ang inyong lugar ng botohan sa kapitbahayan.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](http://sdvote.com).

###

COUNTYNEWSCENTER  

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE  
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101-2472